

Damhin ang Brampton sa buong summer na may hanay ng mga festival at event

BRAMPTON, ON (Mayo 19, 2022) – Ang Lungsod ng Brampton ay may kapana-panabok na summer ng mga festival at event para mag-enjoy ang buong pamilya. Mula Mayo 20 hanggang Setyembre 11, ang mga residente at bisita ay iniimbitahan na mag-enjoy sa Summer sa Lungsod; isang 114-araw na season na nagtatampok sa halos 100 araw ng programa na kinabibilangan ng:

- Mga festival at tulad ng Pride 2022, National Indigenous Peoples' Day at Canada Day;
- Mga event na pinangungunahan ng komunidad tulad ng World of Jazz at Vibrant Brampton;
- Lingguhang programa tulad ng beloved Brampton Farmers' Market at Movie Nights; at
- Napakarami pa!

Excited ang Lungsod ng Brampton na tanggapin ang mga residente at mga bisita muli sa personal na mga event sa buong lungsod na nagdidiriwang sa diversity ng Brampton, hinihikayat ang pagmamalaki sa sibika, pinapagana ang pampublikong mga espasyo, at hina-highlight ang esena ng sining at kultura.

Ang kalendaryo ng mga event ng Lungsod ng Brampton ay gaganap bilang isang one-stop-shop para sa summer event planning. Iniimbitahan ang mga event organizer na punan ang kalendaryo ng mga detalye para makatulong sa pagtataguyod ng kanilang mga event pati na rin sa buong lungsod. Para magdagdag ng isang event sa kalendaryo at tingnan kung ano ang nakaiskedyul, bisitahin ang brampton.ca/events. Patuloy na idadagdag ang mga event sa buong summer.

Suportahan ang Lokal

Habang nasa Brampton para sa isang event, bakit hindi samantalain ang araw? Mag-flip sa mga pahina ng Gabay sa Pagkain sa Brampton at suportahan ang lokal na restawran. Ang diverse na esena ng pagkain sa Brampton ay nag-aalok ng walang kaparehong lasa mula sa buong mundo. Mag-flip sa mga pahina ng gabay sa araw na ito at hanapin ang inyong bagong paboritong lugar. Alamin ang mas marami pa sa brampton.ca/tourism.

Pgpapasigla sa Downtown

Ang Downtown Brampton ay sumasailalim sa transpormasyon, na pinamumunuan ng Rehiyon ng Peel para palitan ang watermain at sanitary sewers sa lugar. Bilang bunga, may ilang pagsasara ng daan na ginagawa. Planuhin nang maaga kung kayo ay pupunta sa downtown para sa isang festival o event.

Ang mga update sa pagparada sa munisipalidad ay matatagpuan sa brampton.ca, o magpahatid sa Brampton Transit doon. Planuhin ang inyong trip nang maaga sa [Triplinx](https://triplinx.ca).

Mga Quote

“Ang summer ay malapit nang dumating, at hinihikayat ko ang lahat na lumabas at magpakasaya sa isa sa magagandang mga festival at event na nagaganap dito sa Brampton. Mula sa ating signature Canada Day event tungo sa lingguhang Brampton Farmers’ Market, may isang bagay para sa lahat!

- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton

“Excited tayo tungkol sa walang limit na dami ng programa na pinlano para sa ating mga residente at mga bisita sa summer na ito upang lumabas at tunay na danasin ang Brampton. Hinihikayat ko ang lahat sa ating mga partner ng komunidad na punan ang kalendaryo ng mga event upang ibahagi kung ano ang ginagawa nila sa komunidad ng Brampton para mag-enjoy ang mga residente at mga bisita sa season na ito.”

- Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton

“Ang Lungsod ng Brampton at ang mga partner na komunidad nito ay may malawak na hanay ng exciting na mga programang pinlano para ang lahat sa buong Lungsod ay mag-enjoy. Ang Brampton ay isang lugar na dapat puntahan sa summer na ito para kumonekta, makilahok at magsaya!”

- Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca